


# Para sa mga Negosyante
# Mababago ang Paraan ng Pagtatabi ng Invoice！

## Ano ang Mababago?

**Hanggang Setyembre 30** （Paraan ng pagtatabi ng mga Classified Invoice）

Upang magamit sa pag aplay ng tax credit sa pamimili at pagkonsumo, ang pagtatabi ng「Classified Invoice」ay kailangan at kahit sino ay maaaring gumawa ng Classified Invoice.

**Simula Oktubre 1** （Paraan ng pagtatabi ng Kwalipikadong Invoice（Invoice System））

Upang magamit sa pag aplay ng tax credit sa pamimili at pagkonsumo, ang pagtatabi ng「Kwalipikadong Invoice」ay kailangan. Ang「Kwalipikadong Invoice」ay magagawa lamang ng mga negosyanteng nag i issue ng kwalipikadong invoice na siyang rehistrado sa Punong seksyon ng Tax office.

## Kailangan bang mag pa rehistro？

Ang pagpaparehistro upang makapag issue ng kwalipikadong invoice ay ayon sa sariling pasya ng negosyante. Maging ang mga negosyante na exempted sa pagbabayad ng tax（Ang Taxation ng kita ay 100,000,000 yen pababa）depende sa uri ng negosyo, ay pag isipan na magpa rehistro. Gawing sanggunian ang mga kategoryang sumusunod upang makapagpasya.



### Ang mga kliyente ba ay mangangailangan ng kwalipikadong invoice?

- Kung ang kliyente ay tipikal na taga konsumo o kaya ay exempted sa tax, hindi na kailangan ang kwalipikadong invoice.
- Kung ang kliyente ay nagbabayad ng tax, patakaran na ikaw ay kailangang mag issue ng kwalipikadong invoice upang kanilang magamit sa pag aplay ng tax credit ng kanilang pamimili o pagkonsumo.
- Kung kaunti ang bilang ng kliyente, maaaring direktang konsultahin ang iyong kliyente.




### Ano ang kahihinatnan ng pag papa rehistro?

- Kung ang kliyente ay humingi ng kwalipikadong invoice, maaari kang mag issue nito.
- Kung ang negosyanteng exempted sa tax ay rehistrado, kailangang mag file ng consumption tax upang maturing na negosyanteng nagbabayad ng tax.

Para sa Detalye, alamin sa HP ng NTA！

https://www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/zeimokubetsu/shohi/keigenzeiritsu/pdf/0022009-057.pdf




### Ano ang kahihinatnan ng hindi pag papa rehistro？

- Hindi maaaring mag issue ng kwalipikadong invoice kung ang kliyente ay humingi nito.
- Maaring mag issue ng invoice na hindi angkop sa kwalipikadong invoice.

## Paraan ng Pag papa rehistro

Kinakailangan ang proseso sa pag aplay ng pag papa rehistro bilang negosyante na makakapag issue ng kwalipikadong invoice. Ang daloy nito ay nakasulat sa ibaba.

① Pagsumite ng “Application form para sa pagpaparehistro bilang negosyanteng makakapag issue ng kwalipikadong invoice” sa Tax Office.

*O kaya ay mag aplay ng e-Tax sa pamamagitan ng koreo

② Kung nakapasa sa screening ng Tax office at na rehistro bilang negosyanteng makakapag issue ng kwalipikadong invoice ay padadalhan ng notipikasyon ng pagiging rehistrado at nakasulat ang numero ng rehistro.

*Itabi nang maayos ang notipikasyon na may nakasulat na numero ng rehistro.

Para sa Detalye, alamin sa HP ng NTA！

https://www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/zeimokubetsu/shohi/keigenzeiritsu/invoice_shinei.htm

## May Palugit ba ang Pagpaparehistro？

Bagamat walang palugit ang pagpaparehistro, subalit kung nais mag issue ng kwalipikadong invoice mula sa ika-1 ng Oktubre, 2023 ay nararapat na magparehistro hanggang **ika-30 ng Setyembre, 2023**. Sapagkat kakailanganin ang oras mula sa matapos mag aplay hanggang sa matanggap ang notipikasyon, kaya mas mabuti na mag parehistro nang maaga.

Ang leaflet na ito ay ginawa base sa impormasyon mula sa sa site ng “Invoice System NTA HP”

Marami pang impormasyon at mga halimbawa na makikita sa kasunod na pahina

## Paraan upang mabawasan ang pasanin ng Maliit na Negosyo "20% bilang Espesyal na Probisyon"

Dahilan ng Invoice system, ang buong halaga ng tax credit sa pagkonsumo ng dating negosyanteng exempted sa tax na naging negosyanteng maaaring mag issue ng kwalipikadong invoice ay maikokonsidera bilang "Espesyal na Probisyon" kaya 20% lamang ng kita ang babayarang tax.


Para sa Detalye alamin sa HP ng NTA !

https://www.nta.go.jp/publication/pamph/shohi/kaisei/202304/01.htm

**Outline：** Kakalkulahin ang halaga ng babayarang tax sa pagbawas ng 80% ng sales tax mula sa buong halaga ng consumption tax base sa naging kita.

*Hindi kailangang kalkulahin ang tax para sa mga pinamili
*Magbabayad lamang ng 20% ng kita kahit na anomang industriya
*Hindi na kailangan nang maagang notipikasyon

**Timeline：** Sa Panahon ng Pagbubuwis na nasa pagitan ng Oktubre 1, 2023 hangggang Setyembre 30, 2026





## Pagbabago ng paraan sa pagbubuwis ng binili ng negosyanteng exempted sa tax

Patakaran na simula Oktubre 1, 2023, ang mga negosyateng tumatanggap ng hindi kwalipikadong invoice na inisyu ng ibang negosyante na bukod sa negosyanteng nag i issue ng kwalipikadong invoice ay hindi maaaring mag aplay ng tax credit para sa consumption tax ng mga pinamili. Subalit, para sa 6 na taon ng sistema, magkakaroon ng pagbabago na ang negosyanteng tumatanggap ng hindi kwalipikadong invoice ay papayagang magkaroon ng tax credit sa itinalagang porsyento ng konsumo.

Para sa Detalye alamin sa HP ng NTA!

https://www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/zeimokubetsu/shohi/keigenzeiritsu/pdf/qa/01-15.pdf

**Outline・Timeline：**




*Kung mag aaplay ng tax credit ng pinamili na nasa ilalim ng binagong pamamaraan, kailangang itabi ang mga invoice na may parehong item na nakasulat sa classified invoice na inisyu ng mga negosyanteng exempted sa tax.

## Halimbawa

*Ito ay halimbawa lamang. Ang pagpaparehistro ay pagpapasyahan mismo ng negosyante.





**Mr. A Interpreter　Exempted sa tax**

Siya ay isang freelancer interpreter at ang kanyang mga kliyente ay mga empleyado ng malalaking kompanya at mga espesyalista kaya hinihilingan na mag issue ng kwalipikadong invoice. Makatapos konsultahin ang mga kliyente ay nagparehistro bilang negosyanteng maaaring mag issue ng kwalipikadong invoice.

**Mr. B　Private Tutor　Exempted sa tax**

Siya ay isang solong negosyante na private tutor ng wikang Ingles. Ang kanyang mga kliyente ay mga estudyante ng Junior at Senior Highschool na hindi hinihilingan na mag issue ng kwalipikadong invoice. Kaya hind nagpa rehistro bilang negosyasteng maaaring mag issue ng kwalipikadong invoice.。



www.hiecc.or.jp/soudan　www.facebook.com/hiecc.support　E-MAIL: support@hiecc.or.jp　TEL: 011-200-9595　FAX: 011-221-7845